Kapag umibig ang tao sa kapatid niya, magpabatid siya rito na siya ay umiibig dito

Ayon kay Al-Miqdām bin Ma`dīkarib (malugod si Allāh sa kanya), ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Kapag umibig ang tao sa kapatid niya, magpabatid siya rito na siya ay umiibig dito."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy sa Al-Kubrā, at Imām Aḥmad]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isa sa mga kadahilanan na nagpapalakas sa kaugnayan sa pagitan ng mga mananampalataya at nagpapalaganap ng pag-ibig sa gitna nila: na kapag minahal ng isa ang kapatid niya ay ipabatid niya rito na siya ay nagmamahal dito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3017